

Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon
LITURGY OF THE HOURS

PANALANGIN SA UMAGA

Ika-21 ng Marso, 2023

{ Ika-4 Martes sa Panahon ng Kuwaresma }



Paanyaya sa Panalangin

Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

Salmo 95

Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos

Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya aawitan,
Ating paputihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang

Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.

Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!"

Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Panalangin sa Umaga

AWIT

Ang D'yos ngayo'y nagbigay, makalangit na lakas,
Bawa't araw, may ningning, bugso ng hangi't kidlat,
Katatagan ng lupa, kalaliman ng dagat,
S'yang lahat ang may gawa, kaya puso'y may galak.

Ang D'yos ngayo'y nagdala, lakas na aking tulong,
Karunungan gagabay, sa aki'y magtatanggol,
Daan n'ya'y daraanan, bisig n'ya'y aking bubong,
Siya ay kaibigan, tunay na PANGINOON.

Kaya sa 'king paggising, alay ay pasasalamat,
Sa Makapangyarihang Diyos na aking nililiyag,
Sa lahat ng panahon, aking ipahahayag
Isang Diyos, tatlong Persona, pinagmulan ng lahat.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1

Ako'y umaawit patungkol sa iyo, O Panginoon, at aking matututuhan sa iyo ang ugaling walang kapintasan.

Salmo 101

(Ang pangako ng mabuting hari)

Ang aking awitin ay ang pagtatapat at ang katarungan;
Ako'y umaawit patungkol sa iyo, O PANGINOON kong mahal;
Ang aking susunding tumpak na ugali'y walang kapintasan,
Kailan ka kaya darating sa aki't ako'y lalapitan?

Malinis ang budhing mamumuhay ako sa aking tahanan,
Sa buhay kong ito ang gawang masama'y di ko tutulutan.

Ang sinumang taong gawai'y masama, di ko sasamahan,
Di ko papansinin kung sinuman siyang ang Diyos ay kalaban.

Aking sisikapin na ang masunod ko'y ang gawaing tapat;
Maging sa isipan di ko iisipin ang gawang di tumpak.
Siyang naninira ng kanyang kapwa'y aking wawasakin;
Di ko papayagan ang mapagmalaking hambog kung tumingin.
Ang lahat ng taong nagtatapat sa Diyos, ako ay kaisa,

Sa aking palasyo ay papayagan ko na doon matira,
Kung tunay na tapat ay tutulutan ko na maglingkod sila.
Sa aking palasyo yaong sinungaling di ko papayagan,
Sa aking harapan ang mapagkunwari'y di ko tutulutan.

Lahat ng masama, araw-araw sila'y aking wawasakin;
Lahat ng masama sa lungsod ng Diyos ay palalayasin!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Ako'y umaawit patungkol sa iyo, O Panginoon, at aking matututuhan sa iyo ang ugaling walang kapintasan.

Antipona 2

Panginoon, huwag mong iwaksi sa amin ang iyong habag.

Awit: Daniel 3:26, 27, 29, 34-41

(Ang panalangin ni Azarias sa loob ng pugon)

Napakadakila mo, PANGINOON, Diyos ng aming mga ninuno.
Purihin at parangalan ang iyong pangalan habang panahon!

Makatarungan ka at tapat sa lahat ng ginagawa mo
Matutuwid ang iyong landas;
Walang kinikilingan ang mga hatol mo.

Talagang kami'y nagkasala, lumabag sa kautusan,
At naghimagsik sa iyo.
Hindi namin ginanap ang iyong mga utos
Na para rin sa kabutihan naming lahat.

Alang-alang sa iyong karangalan,
Huwag mo kaming itakwil habang panahon
Huwag mong putulin ang iyong tipan sa amin.

Muli mo kaming kahabagan,
Alang-alang kay Abraham na iyong minamahal,
Kay Isaac na iyong lingkod
At kay Israel na iyong pinabanal.

Ipinangako mong pararamihin ang kanilang lahi
Gaya ng mga bituin sa langit
At ng buhanginan sa tabing-dagat.

Subalit ngayon, PANGINOON,
Kami ay naging pinakamaliit na bansa,
Dahil sa aming mga kasalanan,
Kami ang pinakaaba ngayon sa sanlibutan.

Wala kaming hari, mga propeta, o mga tagapanguna ngayon.
Walang templong mapag-aalayan
Ng mga handog na susunugin, mga hain at kamanyang;
Wala man lamang lugar na mapaghandugan
Upang kami ay humingi ng awa mo.

Ngunit lumalapit kami sa iyo ngayon
Na bagbag ang puso at nagpapakumbaba.
Tanggapin mo na kami na parang may dalang mga baka,
Mga guya at libu-libong matatabang

Tupa na susunugin bilang handog sa iyong harapan.
Tanggapin mo ang aming pagsisisi bilang handog,
Upang kami'y matutong sumunod sa iyo nang buong puso.
Walang nagtiwala sa iyo na nabigo.

Simula ngayon, buong puso kaming susunod sa iyo,
Sasamba at magpupuri sa iyo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Panginoon, huwag mong iwaksi sa amin ang iyong habag.

Antipona 3

O Diyos, aawitan kita ng isang bagong awit.

Salmo 144:1-10

(Panalangin para sa pagtatagumpay at kapayapaan)

Purihin ang PANGINOON, na aking sanggalang,
Sa pakikibaka, ako ay sinanay;
Inihanda ako, upang makilaban.

Matibay kong muog at Tagapagligtas,
At aking tahananang hindi matitinag;
Tagapagligtas kong pinagtitiwalaan,
Nilulupig niya ang sakop kong bayan.

Ano ba ang tao, PANGINOON namin?
Siya'y tao lamang na'yong pinapansin.
Katulad ay ulap na tangay ng hangin,
Napaparam siya na tulad ng lilim.

Langit mong tahanan ay iyong hubugin,
PANGINOON, lisanin mo't bumaba sa amin;
Mga kabundukan ay iyong hipuin,
Lalabas ang usok, aming mapapansin.
Ang maraming kidlat ay iyong suguin,
Lahat kong kaaway iyong pakalatin;
Sa pagtakas nila ay iyong tudlain!

Hawakan mo ako at iyong itaas,

Sa kalalimang tubig ako ay iligtas;
Ipagsanggalang mo't nang di mapahamak
Sa mga dayuhang may taglay na lakas,
Ubod sinungaling na walang katulad,
Kahit ang pangako ay sumpaing lahat.
O Diyos, may awitin akong bagung-bago,
Alpa'y tutugtugin at aawit ako.
Tagumpay ng hari ay iyong kaloob,
At iniligtas mo si David mong lingkod.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

O Diyos, aawitan kita ng isang bagong awit.

Umupo

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Joel 2:12-13

Mataimtim kayong magsisi at manumbalik sa akin. Kayo'y mag-ayuno, manangis at magdalamhati. Magsisi kayo nang taos sa puso, hindi pakitang-tao lamang. Magbalik-loob kayo sa PANGINOON na inyong Diyos. Siya'y may magandang-loob at puspos ng awa, mapagpahinuhod at tapat sa kanyang pangako, laging handang magpatawad at hindi magpaparusa.

Tugunan

Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Mula sa mga taong sa aki'y manlilinlang sa pamamagitan ng kasinungalingan,

— at mula sa bitag ng kaaway.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Tumayo

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona

Panginoon, turuan mo kaming manalangin tulad ng itinuro ni Juan sa kanyang mga alagad.

Lukas 1:68-79

Gumawa tanda ng krus

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang
Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta
noong una,

Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwang niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,

Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y
nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga
daraanang,

At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.

Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng
kamatayan,

At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Panginoon, turuan mo kaming manalangin tulad ng itinuro ni Juan sa kanyang mga alagad.

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Papuri kay Kristo na nagkaloob sa atin ng kanyang sarili bilang tinapay mula sa langit. Manalangin tayo sa kanya at sambitin:

- Hesus, pinakain mo at pinagaling ang mga kaluluwa namin; halina at kami'y iyong palakasin.

Panginoon, pakanin mo kami sa piging ng Eukaristiya, sa pamamagitan ng mga alay sa iyong paghahandog na pampaskuwa.

- Hesus, pinakain mo at pinagaling ang mga kaluluwa namin; halina at kami'y iyong palakasin.

Pagkalooban mo kami ng isang ganap na puso upang tanggapin ang iyong salita, upang magbunga ito sa amin ng tiyaga.

- Hesus, pinakain mo at pinagaling ang mga kaluluwa namin; halina at kami'y iyong palakasin.

Tulutan mo kaming maging sabik sa pagtatayo ng isang magandang sandaigdigan, upang ito'y maging handang makinig sa iyong.

- Hesus, pinakain mo at pinagaling ang mga kaluluwa namin; halina at kami'y iyong palakasin.

Simbahan at sa kanyang Ebanghelyo ng kapayapaan. Kami'y nagkasala, O Panginoon, kaya't kami'y nagkukumpisal, linisin mo kami sa aming kasalanan sa pamamagitan ng iyong handog na kaligtasan.

- Hesus, pinakain mo at pinagaling ang mga kaluluwa namin; halina at kami'y iyong palakasin.

Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Amang makapangyarihan,
tunghayan mo kaming iyong mga anak.
Sa pagpapakasakit na lakip ng panahon
ng Kuwaresma tulungan mo kaming umunlad
sa aming pagnanasa na laging makapiling ka
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng
kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



UNITED STATES OF AMERICA

www.ebreviary.com